Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

# MINUTES OF MEETING

| | |
|---|---|
| **DATE:** | February 24, 2021 09:00 AM |
| **TYPE OF COMPLAINT:** | ☐ A. Boundary Dispute<br>☐ B. Occupancy of bona-fide applicant<br>☐ C. Conflict on source of rights of parties<br>☐ D. Erroneous claims/claimants<br>☐ E. Heirs conflicting claims<br>☐ F. Question of title |
| **COMPLAINANT/S:** | ANTONIO BAGUINSA |
| **RESPONDENT/S:** | RTN represented by<br>Atty. Arlene B. Aoas<br>Mr. Avelino Abiog, Jr.<br>Engr. Salustiano Menguin, Jr. |
| **LOT DESCRIPTION:** | Lot No: 9969-E, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14296, Cad 795-D<br>Area: 2,522 square meters<br><br>Lot No: 9969-F, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14297, Cad 795-D<br>Area: 16,394 square meters |
| **LOCATION:** | Bgy. Sandoval, Bataraza, Palawan |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Magandang umaga po sa atin uli. Kagaya po ng napag-usapan natin kahapon na magsasubmit po ang RTN ng verification plan/findings nila regarding dito sa survey ng Lot No. 9969-F at Lot 9969-E. Bago po tayo magactual verification sa ground, gagawin po natin kung kinakailangan. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Good morning, ako nga po pala si Engr. Salustiano Menguin, Jr., Geodetic Engineer ng RTN. So bale ah, ito po yung documents namin regarding sa boundary ni Mr. Baguinsa and property ni RTN. So, ito po ay based dati namin na contract kay Engr. Peñamora kasi nagpalayout kami ng mga boundaries namin kasama ng quarry kung saan yung boundary ng property or nasasakupan ni RTN. So meron dito presenting ng parang mapa indicating na na-install nila yung monuments sa ground then naverify namin. So as a result ng pagmonument dun sa ground, naverify namin actual na yung boundary ni Mr. Baguinsa tapos ni RTN is or in other word walang pumasok na corner or encroachment or sinasabi na boundary conflict based sa actual. So makikita ninyo dito… based ito sa third party, hindi ito galing sa RTN ha. Galing sa isang private surveyor din, kasi yun nga… para madetermine din namin yung boundary. Dito po kasi yung mga nilayout sa ground (showed map to Engr. Gellez) |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ikaw yung Engineer ni Engr. Peñamora? |

| | |
|---|---|
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Hindi sir, third party po siya. In-house po ako ni RTN na Geodetic Engineer po ako. Tapos si Engr. Peñamora third party namin, pina-layout namin yung boundary sa kanya. |
| Engr. Jonathan Gellez: | So ikaw ang on-house ng RTN. So, dapat si Peñamora ang nandito kasi siya ang gumawa niyan. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr.: | Pwede naman natin siyang iinvite kung kailangan talaga pero… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi naguguluhan ako sa inyo. Sabi ninyo kahapon si Engr. Peñamora but ikaw ngayon yung… dapat kahapon sinabi ninyo na may in-house geodetic engineer kayo. Kasi kilala mo naman ako. |
| Atty. Aoas: | Sir, ang sabi namin kahapon si Engr. Peñamora ang gumawa at may in-house po kami. Kaya lang kung i-rerequire niyo si Engr. Peñamora okay lang naman po sa amin. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ho. Kasi siya ang gumawa nito Atty. And accordingly, siya ang naka-kontrata ng RTN so meaning, sabi nga ni Engr. (Menguin) siya raw ang naglayout so dapat siya yung nag-aappear dito. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr.: | Pwede naman sir irerequest namin po. Noted po yun. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi kung magcoconduct tayo ngayon na ikaw lang ang in-house, syempre ituturo mo si Engr. Peñamora. |
| Engr. Salustiano Megguin, Jr.: | Pero sir kung ano, kung based sa actual, meron naman po nagsama na mga representative ng RTN from survey… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Yun ho engineer, pero ikaw alam mo na din siguro, dapat present siya dito. O kaya nagdala siya ng representative niya para pagpunta doon, magawaan natin. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr.: | Pwede na din siguro ito sir. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi ang plano namin, napag-usapan namin kahapon darating siya, magsasubmit siya ng official na result and then kung kinakailangan magverify sa ground, gagawin natin. Kaya nga pinarequire ko sila na magdala o magarkila ng instrumento. |
| Atty. Aoas: | Yes, sir, bakit sila nasaan po yung engineer nila? |
| Mr. Abiog: | At saka kahapon sir wala ho tayong pinag-usapan na darating si Engr. Peñamora dito. Ang sinabi namin, may mapa, may survey si Engr Peñamora… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ganito ho iyan ano, kasi ako galing din ako sa private… |
| Atty. Aoas: | Opo pero tinatanong ko po, nasaan po yung engineer nila Mr. Baguinsa? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Matagal na ho ito… |
| Ms. Irene Baguinsa: | Yung Engineer nga po namin ay yung PENRO na tutulong sa amin. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ganito nga po iyon, hindi pala tayo nagkakaintindihan eh. Nagcocomplain po sila kung saan-saan pa nakarating kaya… ang darating ho talaga PENRO ang gagawa. Kaya gumawa ho kami ng letter para ho magakaintindihan na ho tayo. Kami mamamagitan lang sa inyo. Since kayo ang may sukat na, ay irerespeto. Pero sila ho ang kanila lang, hearsay pero since na sila ang actual so alam na ho nila ang boundary nila. Ganito ho yun, ang original survey ay kinaconduct ng isang geodetic engineer at tinuturo ng may-ari ang boundary. Alam nila kahit di sila GE alam nila hanggang |

| | |
|---|---|
| | doon pa yung boundary nila. So ayun na nga ho, dahil doon kaya po sila nag-cocomplain… |
| Atty. Aoas: | So what are you requiring now sir from RTN? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang inano ko nga ho… since… |
| Atty. Aoas: | We are asking po para matapos na po ito. What are you requiring so that we will comply. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kahapon ho kasi nag-usap na tayo sabi ko sa inyo na mag-appear si Engineer Peñamora… |
| Atty. Aoas: | Sir let me explain first. You asked us to bring the documents so nadyan na po. If that is not acceptable to you, what is it actually that your requiring us to submit. So that we can bring it. Kasi we did not say that we will bring Engr. Peñamora. We said we will bring our engineer, so we brought Engineer Mengguin and the survey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang sinabi ko po kapag hindi na ho tayo nagka anuhan, poprocced na po tayo sa survey. So dapat attorney prepare ninyo yung engineer ninyo. |
| Atty. Aoas: | Siya nga po ang engineer namin- si Engr. Menguin. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ho, ang nagconduct ay si Engr. Peñamora, siya ho ang naglayout nito. So meaning, siya ang in-house ninyo lang. Meaning, in-house lang siya… |
| Atty. Aoas: | Engineer po siya, acceptable po yun. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Alam ko po yun, magkakasama kami sa asosasyon eh. Siya ho accordingly, sinasabi niya, si Engr. Peñamora ho ang nag-layout nito. |
| Atty. Aoas: | So now you require Engr. Peñamora? Yes, we want to be sure. |
| Engr. Jonathan Gellez | Kahapon pa po sinabi na natin iyan. |
| Atty. Aoas: | So we clarified, yesterday we will bring our engineer. |
| Engr. Jonathan Gellez | Di sana sinabi ninyo. Sabi niyo pa nga Engr. Peñamora is coming. |
| Atty. Aoas: | Wala akong sinabing Engr. Peñamora is coming. Ulitin mo maam iyong ating minutes maam. I did not say Engr. Peñamora is coming. Ang sabi ko we will bring our engineer. |
| Engr. Jonathan Gellez | Dapat pala… eh bakit dinala ninyo yung in-house ninyo? |
| Atty. Aoas: | Eh siya ang Engineer namin eh. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ang tinuturo naman niya kasi… |
| Atty. Aoas: | Ano ho ba, are you lawyering for them? Are you lawyering for them? Are your appearing as their support? |
| Engr. Jonathan Gellez: | No. kasi po kapag ako nagconduct kailangan po present yung nagsurvey kasi ho…teka muna paexplainin niyo ako attorney… |
| Atty. Aoas: | Sige kung mali kami, I will admit na you do not want our surveyor and you want is Engr. Peñamora, when do you want her appear? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi ho kapag ako nagcoconduct ng survey especially in court… present po yung parties at the same time present din po yung Geodetic Engineer. |
| Atty. Aoas: | Sir, we are not in court and I'm sure that you are also aware of the public quasi-judicial proceedings so can relax the procedure. Hindi po ba? Wala po tayo sa korte. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Alam niyo naman po yung batas. Kasi… alam niyo yung… kaya ho |

| | |
|---|---|
| Atty. Aoas: | Sir kaya nga ho since we are not in court of formal proceeding, we can again, relax. So what is appearing is ayaw ninyong tanggapin yung explanation namin. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ho sa hindi ko tinatanggap. |
| Atty. Aoas: | If you don't want our explanation, what is it that you are demanding? Be straight to the point. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Wala ho akong demanding. Sinasabi ko lang ho yung tama. |
| Atty. Aoas: | Oo nga po, ano nga po yung requirement ninyo? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi po kung baligtarin natin yung sitwasyon, ganun din ang i-rerequire. |
| Atty. Aoas: | What are you requiring us? What is your requirement sir? Sabihin ninyo. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang requirement nga ho katulad kahapon. Ang sabi ko sa inyo, pag hindi ho ipresent yung verification plan. Tapos ho kung hind talaga magkaintindihan, kailangan po natin na nadun siya para ho magconduct na tayo ng joint survey. |
| Atty. Aoas: | In the first place ang sabi namin, hindi rin naman nila tatanggapin yung result, mag joint survey na tayo. There is no point in us blaming Engr. Peñamora in a hearing na you will not accept, anyway. They, will not accept our survey. So to settle, we might as well go to the actual survey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Actual survey nga ho. Ang sinasabi ko kasi attorney, according sa in-house engineer ninyo, si Engr. Peñamora ang naglayout. So meaning… |
| Atty. Aoas: | I-clarify ko lang sir, you want Engr. Peñamora to appear on the actual survey. Is that what are you requiring? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Dapat po talaga nandito siya kasi siya ho ang gumawa. |
| Atty. Aoas: | Ano po yung dapat? Dapat na nandito siya ngayon o during the survey? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Alam niyo na po yan from the start. Doon pa lang sa invitation kailangan po talaga kasama siya. Kasi technical po ito eh. |
| Atty. Aoas: | Yes, we brought our documents, ngayon yung surveyor pa pala. What is in your invitation? It's not in the invitation. |
| Mrs. Erestemus: | Napag-usapan po kahapon diba, attorney. |
| Atty. Aoas: | Kaya nga surveyor nga siya. Sinabi ko ba na idadala ko si Engr. Peñamora? Ang sabi ko yung surveyor namin. Sinong surveyor namin? Siya. |
| Mrs. Erestemus: | Ay iba naman ang nagsurvey sa area ninyo. |
| Atty. Aoas: | Pwede din naman kasing dito magrely sa public document, hindi ba yan public document? That is a public document. Sabi po ninyo ano ang batas? Kasi nga sabi ko that is a public document. Anybody can testify on that if that is public. |
| Mrs. Erestemus: | Ang hinihiling po namin katulad ng piniresenta namin kahapon. |
| Atty. Aoas: | Sabi nga namin kung hindi lang rin ninyo tatanggapin magjoint survey na tayo. So yun lang po ang punto namin. Joint survey. Saan niyo gusto sir? When? |
| Mr. Abiog: | Ito na po yung solution mag-joint survey tayo. Ilang beses na tayong nagsurvey manong, haggang sa nakarating sa kapitan hanggang dito. So, ang remedy lang magjoint survey tayo para marelocate natin kung saan po talaga. Bakit hindi ba natin pwedeng gawin ang joint survey ngayon? |

| | |
|---|---|
| Atty. Aoas: | Okay sige, kasi hindi namin dinala, okay. So, what we will do after that? Magtuturuan na lang ba tayo? So we proceed with the joint survey. |
| Mr. Abiog: | Tutal ang focus naman ay para matapos na ito. Bakit di na lang tayo magfield? |
| Atty. Aoas: | So we will ask Engr. Gellez to write a letter to Engr. Peñamora if she is the one required, magsubpoena po kayo. Ayon naman ang proseso na sabi ninyo. Then let's go to the process. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ho ako kailangan magsubpoena. Kasi ho attorney, ito ho kasing pinag-uusapan natin… |
| Atty. Aoas: | Ngayon may proseso na nga, oh… |
| Engr. Jonathan Gellez: | At ito na nga ho yung pinag-uusapan na dapat present ho talaga siya diyan. Kahit hindi natin directly sabihin na present siya… |
| Atty. Aoas: | Yes nga po sir. So, she's not here, what do we do? You will not accept our surveyor? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ako ho kasi nirerequire ko dapat iyan. Pero hindi ho ako dapat magdedesisyon. Kung papayag kayo… |
| Atty. Aoas: | Yes nga sir, you are requiring. Kaya nga po ito na, pumapayag na kami. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kung ako lang ho sa akin, ay gusto ko na din yang matapos. Pero kung sila ay papayag, okay lang naman. Pagkakasunduan ninyo. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Pabor naman po kami Engineer dun sa suggestion mo na kailangan nandito po talaga kung sino yung gumawa |
| Atty. Aoas: | If they want the surveyor, we will ask Engineer (Gellez) to issue a subpoena to Engr. Peñamora to appear. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Parang mahirap… |
| Atty. Aoas: | Eh ang sabi ninyo proseso… so let's go to the process. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Kasi alam niyo naman… |
| Atty. Aoas: | We will present our surveyor but he needs to issue a subpoena. |
| Mr. Abiog: | Kailangan niyo po mag-issue ng subpoena kay Engr. Peñamora para mag-appear siya dito. Yun po ang proseso natin dun. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Sila ang mag-issue sa kanya, hindi ako. |
| Mr. Abiog: | So, lalo pong magtatagal. Narinig niyo rin sinabi ni Engr. Gellez, hindi siya mag-iisyu ay siya ang nag-aact dito as quasi-judicial body…sila ho ang magdedesisyon dyan. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Oo, pero wala akong jurisdiction diyan sir. Bakit kasi kailangan pa ng ganyan kung present siya. At as ano niyo siya, as contractor niyo dun sa survey niyo… |
| Atty. Aoas: | Kaya nga po. So what are you saying sir, ano na po ang gagawin na? So sisihin niyo na lang ang company, what is acceptable to you? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi yung in-house ninyo sinasabi niya rin na ang naglayout niyan ay si Engr. Peñamora. So meaning dapat piniresent niyo sya dito para atleast, proceed tayo sa joint survey. Ngayon kung papayag ho sila without the presence of Engr. Peñamora, mag-ano ho kayo dito, okay lang sa akin yun. Kung papayag ho yung kabilang party without Engr. Peñamora at yung in-house geodetic engineer lang ang magjojoint or magoobserve. Depende ho kung anong maging ano. |

| | |
|---|---|
| Mr. Aspiras: | Hindi ho kami papayag engineer. Kung sino ho ang naglayout dyan at nagpirma dyan, siya ang ipapadala nila dito. Kasi yung engineer na taga RTN, hindi sya ang naglayout niyan. |
| Engr. Salustiano Megguin, Jr.: | Hindi talaga masesettle to kung ganyan. Pabalik-balik na lang po. |
| Mr. Aspiras: | Bakit di masesettle? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kung papayag sila, gawa na lang ng agreement na magkaroon ng joint survey ng wala si Engr. Peñamora at in-house GE na lang nila ang magrerepresent. |
| Atty. Aoas: | Gusto ninyo tawagan namin si Engr. Peñamora, alalahanin ninyo, hindi po allowed ang mga galing sa Puerto Princesa may lockout tayo. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Bakit ho ako galing din ako sa Puerto Princesa. |
| Atty. Aoas: | Mayroon ng effective na lockout ngayon. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Pagalis ko effective na din po yung lockdown. |
| Atty. Aoas: | Kaya nga, hindi ko alam kung bakit pinalabas ka. Eh sabi nila may lockout sa Puerto Princesa. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Maluwag naman po pagdating sa daan. |
| Atty. Aoas: | Eh di mag-antay kayo din. Kasi syempre yung availability ng schedule ni Engr. Peñamora. Ang sabi ko yesterday, he said to bring the documents. We said we will bring our engineer. As we said, the survey was prepared by Engr. Peñamora. Okay, so, we brought our engineer at hindi ninyo gusto. |
| Mr. Aspiras: | Kailangan yung gumawa. |
| Atty. Aoas: | So, I told Engr. Gellez to invite her, ayaw din ni sir. |
| Mr. Aspiras: | Kasi hindi naman magrereact si Mr. Baguinsa kung lupa niya ay hindi nagalaw. Alangan naman na ang RTN ang makakaalam ng lupa ni Mr. Baguinsa. Kasi syempre si Mr. Baguinsa walang alam doon sa kanto niya kaya nagrereklamo yan. So, ngayon yung naglayout din sa mapa na iyan kailangan… |
| Atty. Aoas: | We will ask Engr. We will pray of the presiding officer; sir to issue necessary subpoena to Engr. Peñamora to appear. |
| Mr. Baguinsa: | Kasi yung paliwanag mo sir na kung sino yung naglayout siya yung nagsasabi na walang nahagip yung sa akin. |
| Engr. Salustiano Megguin, Jr.: | Per actual yun sir, actual na… |
| Mr. Baguinsa: | Kaya tingin ko bakit ganun. Bakit nawawala na yung no.2 na muhon ko. |
| Ms. Irene Baguinsa: | According nga po doon sa kumandak na dala namin… |
| Atty. Aoas: | Hindi na... I will not argue kasi the only way to solve this is the actual survey. |
| SI May Socrates: | May suggestion po sana kung papayag daw po ba kayo na si Engr. Menguin ang magjojoint survey, with Engr. Gellez of PENRO to execute the survey. Ayon po ang ipinapaabot kung papayag po kayo na ganun to resolve this. |
| Mr. Baguinsa: | Yun naman ho ang pinag-usapan kahapon eh. Kaya lang kung sino ang naglayout… |
| SI May Socrates: | If ever po kasi, nandito na din naman tayo, kung halimbawa po na acceptable din sa inyo, acceptable din sa kanila… we will execute the survey po kung papayag po kayo and then si Engr. Gellez and Engr. Menguin ang magjojoint. Kung hindi po… |

| | |
|---|---|
| Mr. Aspiras: | Opo maam, kapag isurvey yan ngayon o kaya bukas, so ang masusunod dyan yung kanila? |
| Atty. Aoas: | Hindi po. Yung survey po ni sir ang masusunod. |
| SI May Socrates: | Nandito po yung PENRO sa katauhan ni Engr. Gellez para mamagitan. |
| Atty. Aoas: | Hindi po kami magsusurvey. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Si engineer po ang ano kasi siya ang nga po ang ano dyan eh so sila po ang nakakaalam. |
| Atty. Aoas: | Mag-oobserve lang po kami. Sila ang magsusurvey, kami mag-oobserve lang. There is no need for us to bring Engr. Peñamora kasi hindi naman siya ang magsusurvey. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Sila po ang expert doon. Para mapatunayan kung may pumatong ba o wala. |
| Mr. Abiog: | Ito po ay para maisettle natin ang boundary natin ng maayos. |
| Atty. Aoas: | Sabi nga we are here to observe, so I don't get the point bakit kailangan pumunta ni Engr. Peñamora hindi naman siya ang magsusurvey. So pwede na si Engr. Menguin. |
| SI May Q. Socrates: | Sige po kung ano po desisyon natin, pwede po ba marinig? |
| Atty. Aoas: | Kami po maam, ang sabi namin, explain namin is that Engr. Menguin will not interfere during the survey to be conducted by Engr. Gellez. Engr. Gellez will conduct the survey on his own with the assistance of personnel to be secured by Mr. Baguinsa. Ngayon, mag-oobserve kami, since it is urgent, ayaw naman na mareset kasi the only available surveyor in Rio Tuba is Engr. Menguin. If it is acceptable to you. Ngayon, Mr. Baguinsa, they are free to get their own witness surveyor if they want also, it's okay with us. Because the survey anyway will be conducted by Engr. Gellez. Now if that is acceptable to sir, the we are amenable to fixing the schedule or date of the survey. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Kayo po ang expert dyan, sa palagay niyo? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Tulad ng sinabi ni attorney, hindi naman sa ayaw ko. Ang akin lanag naman dito dahil since sya ang gumawa ng layout ng boundary ng monument, mas mapapadali ho tayo kung nandyan siya. Since nagkausap na kami ni Engr. Menguin, sabi nga niya, naglayout nga raw ng dito ng mga muhon. Ngayon ang tanong ko, una isilip ang mga muhon niyo daw. |
| Ms. Irene Baguinsa: | So mas kailangan talaga yung sinasabi ninyo yung ano… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Pwede naman siya magrepresent kay engineer ano kasi inattest naman nya itong survey eh. Parang lumalabas siya na rin yung ano. |
| Ms. Irene Baguinsa: | So it means parang binigyan niya po ng permiso?Ganun? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Oo, parang yung ginawa ni Engr. Peñamora na layout niya inattest naman niya na tama. So kaya nga tinanong ko siya kung nagsilip siya sa muhon niyo, doon sa loob wala naman daw siyang...hindi na daw siya kailangan magsilip doon kasi established naman daw yung kanila. So kayo, kung dahil nandito na din yan, kung papayag kayo, magveverification survey ako with Engr. Menguin as observer sya and at the same time siya na rin ang mag-ano represent kay Engr. Peñamora kasi sila naman ang gumawa nito. At inattest naman niya eh. So, ayun ho. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Sige Engineer, para mas mabuti. |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi kung hihintayin pa natin si Engr. Peñamora, at kung marami din siyang trabaho, syempre ako din may trabaho din. Hindi talaga matatapos. Ang tanong ngayon payag ho ba kayo? On behalf of Engr. Peñamora, sya na po ang magrerepresent kumbaga siya na ang tatayo. |
| Mr. Baguinsa: | Sabi ni Engr. Peñamora walang nakahagip sa akin, oh ayan nakita sa layout. Paano yan magpalaiwanag sa kuwan ko… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ngayon attorney, halimbawa lang po ito ha. Kung ang findings ay taliwas dun sa findings ninyo. |
| Atty. Aoas: | Hindi ko na alam. Kasi ang requirement lang naman is we will conduct the survey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Yun na nga ho. Kasi kung ano, kung hindi rin kayo mag-aagree dun wala pa rin. Hindi pa rin natin matatapos. |
| Atty. Aoas: | Is it necessary for us to agree? Ang court lang naman is you will conduct the survey. Yung other matters, kung ano issue na nila. I don't think it's for you to resolve. Kasi ang pinunta lang sa inyo sir ay magsurvey. So if that is your survey, then that is your survey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kaya nga ho yung request namin kung kikilalanin ng bawat isa ang magiging survey namin? |
| Atty. Aoas: | Sir ang directive lang is for you to conduct the survey. It is not for you to resolve the issue. So, ang magreresolve po ng issue ay, san ba ninyo dinala yung reklamo? Ang nirequest lang po nila ay di po magcoconduct si PENRO ng survey? |
| Mr. Aspiras: | Nakalagay po sa request namin is to investigate dun sa pangyayari. |
| Atty. Aoas: | Oo nga po, to investigate. But it doesn't necessarily mean na tanggapin natin yung result ng survey. |
| Mr. Aspiras: | So titingnan muna, pasok ba kayo sa area, doon pa lang mapatutunayan na may overlapping nga. |
| Atty. Aoas: | Let's be clear po sir ah. You might be acting beyond your authority. Kasi ang directive lang naman sa inyo ay magsurvey lang po kayo. |
| SI May Socrates: | Kasi po diba, ang request niyo po talaga ay mababaan tayo ng surveyor. Diba po? Kasi wala nga daw po tayong pambayad sa private surveyor. Ngayon nandito po yung ating public surveyor natin, ito po yung sa amin galing sa PENRO. So ngayon, kung anoman po yung magiging resulta ng survey ni Engr. Gellez, is as far as I remember, ay pag-uusapan po uli natin dito. Yun po ang nakaraang usapan, alamin kung lumabas ba o hindi. |
| Ms. Irene Baguinsa: | I-accept ng bawat isa. |
| SI May Socrates: | Nakaraan po sinabi ni PENRO na doon pa lang sana survey ay malaman na at matapos na agad, humihiling po sana siya, na kung saan noong February 05, 2021, magkakaroon po sana kayo ng signing of agreement na kung anoman po ang kalalabasan will adhere po ang both parties. |
| Atty. Aoas: | For our part, original request is for PENRO to conduct the survey. Now, if you're asking us if we will accept, which is beyond the authority already for you to compel us, to accept the survey. Kasi malinaw yung request nila, to conduct the survey. It is |

| | |
|---|---|
| | not for PENRO to resolve the issue. Ang hinihingi po ninyo ay magconduct ng survey, yun po ang nakalagay sa sulat ninyo. |
| SI May Socrates: | Sige po, balikan natin yung root cause nito. Magpapasurvey tayo and then Engr. Gellez will render his report kung anoman ang kinalabasan ng survey. Okay po ba kayo dun? |
| Atty. Aoas: | Ngayon hindi ko sinasabi na just because ganyan yung position natin, hindi na tayo pwedeng mag-usap. Pwedeng-pwede tayong mag-usap. Ang hindi ko tinatanggap ay yung pepwersahin ninyo kami na magpirma ng memorandum of agreement, when in fact hindi naman yun ang nasa usapan at nasa sulat ninyo. Ang hinihingi lang ninyo from PENRO ay gumawa ng survey, which is fine with us. Acceptable to us. Whether that survey will be acceptable to us, that remains to be seen. Pero you cannot force us to sign a memorandum of agreement even before na masurvey pa tayo. |
| Ms. Irene Baguinsa: | So, kung ganun pala maam, ano din pong patutunguhan nito? |
| Atty. Aoas: | Hindi ko na alam, kasi kayo hindi ninyo na nahintay diba? Ang original na complaint nito ay napunta sa barangay. Hindi na ninyo ngayon mahintay sa barangay your requested survey. |
| Mrs. Erestemus: | Eh kasi abogada, antagal ng panahon. Walang… |
| Atty. Aoas: | Hindi ko naman kasalanan, walang kasalanan si RTN kung bakit tumagal. Kasi nag-agree kayo doon sa barangay na hihintayin ninyo yung kadastro. Eh hindi dumating yung kadastro. So, its nobody's fault. Do not blame us, kasi yun nga ang nangyari eh. Naghintay tayo, wala namang dumating. Kaya nandito na tayo. |
| Mr. Aspiras: | Masyadong mahaba yung pagpapaliwanag, yung tinatanong ni Engineer… |
| Atty. Aoas: | Ang sabi ko po hindi, kanina pa. Sinabi ko na pong hindi. |
| Mr. Aspiras: | Yun lang naman yun. I-aaccept niyo ba kung anong mangyari doon sa survey? |
| Atty. Aoas: | Hindi niyo ho ba ako narinig magpaliwanag? Kung bakit hindi ko i-aaccept? |
| Mrs. Erestemus: | Bakit attorney hindi ninyo i-accept ang magiging result ng survey? |
| Atty. Aoas: | Dahil hindi naman po sila korte. Korte po ba sila? Request lang po ay magsurvey. |
| Mrs. Erestemus: | Yung result lang naman po ng survey ang ipapalabas nila. |
| Atty. Aoas: | Kung lumabas yung survey, nandyan na. But it is not for Engr. Gellez to resolve the matter. |
| Mrs. Erestemus: | Yes, maam… |
| Atty. Aoas: | Oh that's why. Exactly, mailabas yung result. But for them to force us, RTN, to sign an agreement, magkaroon ng usapan regarding that, hindi yan usapan. Magsurvey lang po tayo. Yun lang naman po ang nasa request. |
| Mrs. Erestemus: | Yung result lang naman ang… |
| Atty. Aoas: | Kasi yung hinhingi ninyo, pinapasubo ninyo si Engr. Gellez. Baka siya ang matanggal. |
| Mrs. Erestemus: | Hindi… |
| Atty. Aoas: | Anong hindi? You want him to do something doon sa wala naman sa authority niya. |
| Mrs. Erestemus: | Nag-rerequest lang po kami. |

| | |
|---|---|
| Atty. Aoas: | Nasa authority ba niya, nakita ninyo? Ang nakalagay authority to conduct the survey, not to resolve the matter. |
| Mrs. Erestemus: | Hndi po namin pinaparesolve po sa kanya. Ang hinihingi namin is result po ng survey. |
| Atty. Aoas: | Result. Oh, result lang. |
| Mrs. Erestemus: | Bahala na kami kung magawa ng another state kung anoman ang magiging result. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Kung sino sana ang nakapirma dyan para mas clear po talaga. Ganun po sana…yun naman ang pinaka ano talaga eh. Pinakamaganda para…wala siyang hassle. |
| SI May Socrates: | So ang gusto niyo po talaga si Engr. Peñamora? |
| Ms. Irene Baguinsa: | Sana. Mas maganda po talaga. Pero depende kay Engr. Gellez, siya naman po ang expert sa ganyan eh. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kung ako ho ang tatanungin ninyo, gusto ko na hong masukat na to. Ngayon, kung anong magiging resulta dito, negative o positive, subject pa rin po yan sa pag-uusap ninyo. Basta ako nagcomply lang doon sa request. Nasa inyo po yan. Ayoko rin na ipilit. Pero kung ako sa inyo, gawin na lang para matapos na. Yun lang naman hiling niyo rin. Para ma-address na rin yung request ninyo. Kasi kung hihintayin pa natin yun, kayo rin. Kasi hindi ko din matitiyak yung availability ng schedule ko sa susunod. Ito lang naman ho iveverify kung tama yun, diba sinabi ko na sa inyo. May findings na sila, naglagay na sila ng muhon. Ngayon kung sinasabi ninyo na kulang, eh makita ko rin para maexplain ko sa inyo kung bakit kulang o kung bakit ganun ang nangyari. Tatanggapin niyo nga lang kung anoman ang maging resulta, yun ang panghawakan niyo. Kung gusto niyo. |
| Ms. Irene Baguinsa: | So ang kailangan dyan, tanggapin po ng both parties yung result. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ho, ang mangyayari kasi ganito, kung ano ang resulta ko kasi halimbawa, hindi favor sa inyo, eh yun na malamang kung mag-aayos kayo sa barangay, madidismiss na lahat yun. Pero kung favor sa inyo, pag-uusapan niyo pa rin. Meron pa ring pag-uusap, pwede silang magfile ng case. Sukat nanaman ng lalabasan, yung sukat ko ang pwede ninyong gamitin. Pero ako, inhibit na ako dyan. Hindi na ako pwede, surrender na ako. Kung gagawa ako ng report at if kung sinoman sa inyo ang…basta ako, court na kayo, labas na ako. Kasi nirequest ninyo ako, nagcomply na din naman ang office para maresolve. |
| Atty. Aoas: | So, antayin daw po yung resulta maam, kung ano na po yung result saka na uli kami mag-uusap. |
| SI May Socrates: | Sige po i-clear natin. So ibig sabihin po papayag kayo na i-execute ni Engr. Gellez ang survey at ang observer po ay si Engr. Menguin, since sabi nga kanina, attested niya din yung layout na ginawa ni Engr. Peñamora so, nirerepesent niya na rin. Basta observer po si Engr. Menguin, magi-execute si Engr. Gellez ng survey sa area and then magrereport po siya. Irerender niya ang report, magbibigay siya ng plano and then whatever the result is, saka pag-uusapan ninyo ulit kung ito ay pabor sa kanila or pabor sa kanila…we never know kasi hindi pa naman nangyayari. |

| | |
|---|---|
| Mr. Baguinsa: | So, pag walang nangyari, okay pa rin. Walang problema. Pero kung may naagrabyado, eh di may obligasyon. |
| SI May Socrates: | Kung anoman po ang resulta is another schedule of meeting naman po. |
| Mr. Baguinsa: | Ibang kwentuhan naman yun. |
| Mrs. Erestemus: | Hindi na involve si Engineer doon. Yung hinihingi lang namin, yung result lang ng survey. |
| SI May Socrates: | So okay na po tayo, kasi po nandito na siya. Ito na po yung schedule nya, at kung hindi natin itutuloy yung survey, whereas, doon naman po tayo tumigil. Actually madami po itong referral from our higher office na isurvey na talaga po, para malaman na po talaga. Meron ba talaga o wala. |
| Atty. Aoas: | Kung ano po yung requirements ninyo from the company sir, si Engr. Menguin na po ang kausap ninyo dito as the observer. |
| SI May Socrates: | Clarification din po, si Engr. Menguin po ay observer lamang. Hindi po siya ang gagawa. Kasi baka maging one-sided po, baka sa kabilang part eh ano…okay po ba yun sa inyo? |
| Mr. Baguinsa: | Okay, syempre kami ang nagareklamo. Kami ang nag-ano ng survey, magobserve lang sila. Magtingin. Kung tama ba yung sinusurvey or… |
| Engr. Jonathan Gellez: | At the same time, di lang sila observer, magpaparticipate din sila. Kasi, may mga reference po sila na sila lang ang nakakaalam. So, pakita nila sa akin, para masilip ko, para sa paggawa ko ng report makapagdesisyon ako kung anong reference ang ginamit ko at kung bakit di ko ginamit yun. Bahala na ho ang evaluation ng office sa report ko. Pero magpaparticipate sila para mabigay yung reference nila na in fairness din po sa kanila. Sa inyo rin, ganun rin magbigay rin ho kayo. Doon lang ho ako sa gitna. |
| SI May Socrates: | Okay po ba yun sa inyo Mr. Baguinsa? |
| Mr. Baguinsa: | Okay na para matapos na. Hindi ko kaya na matubuan pa yung pera na pinanggastos. Para masolve lang ang aking minimithi na problema dahil nahagip ang lupa ko. Kung hindi naman nahagip eh, okay naman. Salamat. Pero kapag may nahagip, ay may usapan. |
| SI May Socrates: | So okay na po. kung yung nabanggit na MOA, wala po tayo nun kasi it's another story. Ang trabaho po natin ngayon for clarification lang po, magsusurvey po tayo. After the survey, magrerender ng report si Engr. Gellez kung anong lumabas sa report niya, doon po tayo mag-uusap uli. Kung wala naman, gitna naman talaga eh di congratulations po sa atin, okay tayong lahat. |
| Mr. Abiog: | Kailan po ang schedule? |
| Mrs. Erestemus: | Right now. Naghihintay po yung mga tao na tutulong sa area. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Okay, sige. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Ikaw lang engineer ang inaano namin, kasi kami wala namang problema dun eh. |
| SI May Socrates: | Kayo po? |
| Mr. Abiog: | Sige po. Andito na po kaya yung instrument? |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez: | Nandyan na ho. Paano Engr. Menguin, poproceed kami sa area papano, maghintay kami dun? |
| SI May Socrates: | Anong oras po today? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ngayon na. Pupunta kami dun ngayon after this. Ang kailangan ko lang si Engr. Menguin at yung staff nya na magtuturo ng references namin. And then, sila din ituturo nila yung references nila. So after that siguro, yun cocumputin yun. |
| SI May Socrates: | So okay na po tayo. Schedule for survey na ho tayo ngayon. Babyahe na sila Engr. Gellez so by lunch time nandun na sila sa area. So, okay na po tayo, maraming salamat po. |

Transcribed by:

**MAY Q. SOCRATES**
Special Investigator I/
Recorder

Checked by:

**FLORANTE A. CANDIDO**
LMO III/ Chief, RPS

Noted by:

**CONRADO M. CORPUZ**
OIC-CENRO